# Mga mensahe sa uring manggagawa sa Mayo Uno

Partido Komunista ng Pilipinas

2017-2022

# Pambungad

Inililimbag ng Kawanihan sa Impormasyon ang maliit na librong ito ng "Mga Mensahe sa Mayo Uno" na naglalaman ng koleksyon ng mga pahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa uring manggagawa sa Mayo 1 sa mga taong 2017 hanggang 2022.

Makabuluhan ang paglalabas ng koleksyong ito sa harap ng matinding krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas. Isinasadlak nito ang masang anakpawis sa hirap at pagdurusa. Tumitindi ang pampulitikang paniniil sa desperasyon ng naghaharing uri na ipagtanggol ang naghaharing bulok na sistema.

Lahat nang ito'y nagtutulak sa mga manggagawang Pilipino na isulong ang mga pakikibakang masa para ipaglaban ang kanilang kagalingan at mga karapatan. Unti-unting sumisigla ang kilusang manggagawa na kinatatampukan ng lumalaganap na panawagan at pakikibaka para sa umento sa sahod, paglaban sa kontraktwalisasyon at iba pang mapang-aping kundisyon sa paggawa. Para tuluy-tuloy na palakasin ang hanay ng mga manggagawa, importante na mapalalim ang pag-unawa ng mga manggagawa sa kanilang kinakaharap na problema, kung papaano ito nakaugnay sa pang-aapi ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo, at paano mawawakasan sa pamamagitan lamang ng isang panlipunang rebolusyon.

Ang krisis ng naghaharing sistema ay nagluluwal na napakainam ng kundisyon para itaas ang maka-uring kamulatan ng mga manggagawang Pilipino at ikintal sa kanilang kamalayan ang susing papel nila sa pamumuno sa buong sambayanan sa pakikibaka para baguhin ang buong sistema sa Pilipinas at kamtin ang inaadhikang pambansa at panlipunang paglaya.

Layunin ng koleksyon na ito na makatulong sa pagpapanday ng proletaryong kamulatan ng mga manggagawang Pilipino. Nilalaman nito ang anim na pahayag ng PKP na katugma sa panahong ang bansa ay napailalim sa anti-manggagawa at pasistang rehimeng US-Duterte.

Ang una sa mga pahayag na ito ay inilabas pagkatapos ng Ika-2 Kongreso ng PKP. Komprehensibong nitong inilahad ang mga tungkulin ng Partido sa pagpapalakas ng kilusang manggagawa. Ang mga pahayag sa mga sumunod na taon ay naglahad ng pagsusuri sa mga tampok na usapin na kinakaharap ng uring manggagawang Pilipino sa ilalim ng pasistang rehimeng Duterte, naglaman ng mga panawagan at naglahad ng mga tungkulin sa paglaban. Ang huling pahayag ay mensahe sa uring manggagawa sa buong mundo at nagbigay ng malawakang perspektiba sa kasalukuyang pagsisikap na palakasin at pamunuan ng proletaryo ang mga rebolusyonaryong pakikibaka sa iba't ibang panig ng mundo.

Ang maliit na librong ito ay maaaring paramihin sa pamamagitan ng paglilimbag upang magamit ng mga kadre at organisador ng Partido, higit lalo ang mga kumikilos sa hanay ng masang manggagawa at anakpawis, bilang sanggunian o materyal para sa talakayan sa hanay ng mga manggagawa para sa pagpapanday ng mga bagong proletaryong rebolusyonaryo na magdadala ng makasaysayang tungkulin ng uring manggagagawa sa hinaharap.

Kawanihan sa Impormasyon
Partido Komunista ng Pilipinas

Mayo 1, 2023

# Contents

**Pambungad** **i**

**1 Mensahe sa Mayo Uno: Mga hamon sa Partido at sa uring manggagawang Pilipino (2017)** **1**

**2 Manggagawang Pilipino, magkaisa at buklurin ang buong bayan! (2018)** **6**

**3 Manggagawa, magkaisa at pamunuan ang sambayanang Pilipino sa pakikibaka laban sa pasista, bulok at traydor na rehimeng US-Duterte! (2019)** **9**

**4 Magpakatatag at pamunuan ang bayan laban sa pasistang iskema ng rehimeng Duterte (2020)** **13**

**5 Palakasin ang kilusang manggagawa at manguna sa pakikibaka para sa demokrasya at kalayaan (2021)** **16**

**6 Mensahe sa Mayo Uno sa mga manggagawa at aping bayan sa mundo (2022)** **21**

# 1. Mensahe sa Mayo Uno: Mga hamon sa Partido at sa uring manggagawang Pilipino (2017)

Bilang taliba ng uring manggagawang Pilipino, nakikiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) sa paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Manggagawa. Sa araw na ito, marapat magbalik-tanaw at humalaw ng mga aral sa mahigit isandaantaon ng mga pakikibakang manggagawa upang bigyang-liwanag ang daan ng mga pakikibakang manggagawa sa mga darating na panahon.

Walang katapusan ang pagdurusa ng masang anakpawis sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas at pandaigdigang sistemang kapitalista. Pasan-pasan nila ang mababang sahod, malawakang disempleyo, tagibang na mga kontrata at mapang-aping kalagayan sa pagtatrabaho. Sa kanayunan, pinagdurusahan nila ang iba't ibang anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala, kawalan ng lupa at pang-aagaw ng malalaking asendero, plantasyon at mga minahan.

Sumasadsad ang kabuhayan ng masang anakpawis sa harap ng mabilis na pagpaimbulog ng presyo ng pagkain, pamasahe, gamot, matrikula, serbisyong pangkalusugan, komunikasyon at iba pang pangangailangan. Dumaranas sila ng kahirapan at gutom, kawalan ng disenteng pabahay at kuryente, kakulangan ng malinis na tubig, laganap na mga sakit at mga epidemya.

Ang masang manggagawang Pilipino ay hinambalos ng apat na dekada ng mga patakarang neoliberal. Upang akitin ang mga dayuhang kapitalistang mamumuhunan, pinigilan ang pagtaas ng sahod ng mga manggagawa, sinupil ang kanilang karapatang mag-unyon at magwelga, pinahahaba ang oras ng paggawa lampas sa dating nakatakdang walong oras kada araw at binaklas ang iba pang mga regulasyon para pangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa.

Ginamit laban sa mga manggagawa ang Herrera Law, ang Wage Rationalization Act at iba pang mga batas at kautusan na nagbigay-daan sa

rehiyunalisasyon ng pagtakda ng sahod (mula sa dating pambansang minimum na sahod), ang sistema ng kontraktwal na paggawa, ang "two-tier" na sistemang pasahod, at maraming iba pa hakbanging anti-manggagawa.

Lahat ng anti-manggagawang mga hakbanging ito ay pabor sa layunin ng malalaking burgesyang komprador at kanilang mga kasabwat na dayong malalaking kapitalista na humuthot at magkamal ng tubo mula sa lakas-paggawa ng mga manggagawa. Habang lumaki nang lumaki ang yaman ng mga kapitalista, dumarami naman nang dumarami ang mga manggagawa at anakpawis na nasadlak sa kahirapan.

Ang lahat ng pangakong pagbabago at kaunlaran ng sunud-sunod na mga rehimen, mula kay Marcos hanggang sa nagdaang rehimeng Aquino, ay pawang mga salitang pampalubag-loob lamang sa masang anakpawis. Wala pang ipinakikita ang kasalukuyang rehimeng Duterte na naiiba ito sa mga nakaraang rehimen.

Ang sumasahol nang sumasahol na kalagayan ng mga manggagawa sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na sistema ay nagdidiin sa kawastuhan at pangangailangan para sa pambansa-demokratikong pagbabago sa lipunang Pilipino.

IKINALULUGOD NG PARTIDO na iulat sa masang manggagawang Pilipino ang matagumpay na pagdaraos ng Ikalawang Kongreso ng Partido Komunista ng Pilipinas noong huling kwarto ng 2016. Sa pamamagitan ng Ikalawang Kongreso, ibayong napatatag ang Partido bilang instrumento ng uring manggagawa para sa pamumuno sa rebolusyong Pilipino.

Sa pamamagitan ng Ikalawang Kongreso nito, higit na pinatatag ang Partido at lalong pinanday ang determinasyon at kakayahan nitong pamunuan ang masang manggagawa at buong sambayanang Pilipino sa landas ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan.

Umiiral ang obhetibong kundisyon para ilang ulit na pa-lakasin ng uring manggagawang Pilipino ang kanilang organisadong hanay at paigtingin ang kanilang mga pakikibaka. Madali silang napupukaw sa pangangailangang manindigan at kumilos para isulong ang kanilang interes at ang pambansa-

demokratikong layunin ng buong bayan. Handa nilang harapin ang mga sakripisyo at kahirapan sa pagsisikap na ibalik at higitan ang dating lakas at labanan ang papalalang anyo ng pagsasamantala at pang-aapi.

Sa tanglaw at inspirasyon ng Ikalawang Kongreso, puspusan nating isulong ang rebolusyonaryong kilusang manggagawa. Hamon sa buong Partido at sa lahat ng mga manggagawang Pilipino ang sumusunod na tungkulin:

1. Pakilusin ang milyun-milyong manggagawa sa pambansa-demokratikong rebolusyon para wakasan ang mapang-api at mapagsamantalang malakolonyal at malapyudal na lipunan at ihanda ang kundisyon para sa sosyalistang kinabukasan. Buklurin ang uring manggagawa sa likod ng programa ng Partido para sa pambansang paglaya mula sa imperyalismong US at para sa panlipunang paglaya sa pamamagitan ng tunay na reporma sa lupa.

2. Puspusang mag-aral ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, ang ideolohiya ng uring manggagawa na nagtuturo ng maka-uring paninindigan, pananaw at pamamaraan. Palaganapin ang mga sulating Marxista-Leninista tulad ng Manipestong Komunista at Sahod, Presyo at Tubo para malawakang pag-aralan ng mga manggagawa. Ilunsad ang mga seminar at grupong talakayan para sa pag-aaral ng proletaryong ideolohiya. Isulong ang kilusang pag-aaral tungkol sa sosyalistang rebolusyon sa okasyon ng ika-100 taon ng tagumpay ng Rebolusyong Bolshevik sa Russia ngayong Oktubre 24-Nobyembre 7 at kaakibat ng paggunita sa ika-200 taon ng kapanganakan ni Karl Marx sa Mayo 5, 2018.

3. Malawakang rekrutin ang mga aktibistang manggagawa sa Partido Komunista ng Pilipinas. Kailangang madagdagan ng ilampung libong manggagawa ang kasapian ng Partido sa mga darating na taon upang gampanan ang papabigat na mga responsibilidad sa pamumuno sa demokratikong rebolusyong bayan.

4. Malawak na organisahin ang masang manggagawa, maging ang mga

kontraktwal na manggagawa sa mga unyon bilang pangunahing sandata para ipagtanggol ang kanilang mga interes. Buuin ang samahan ng libu-libong mga manggagawa sa mga engklabo at mga pamayanang manggagawa. Isagawa ang mga imbestigasyon sa kalagayan ng mga manggagawa sa mga engklabo at iba pang empresa, ilantad ang iba't ibang anyo ng pagsasamantala upang pag-alabin ang diwang mapanlaban.

5. Ilunsad ang mga pakikibakang manggagawa sa daan-daang mga pabrika, empresa, mga plantasyon at minahan para sa umento sa sahod at para igiit na gawing regular ang mga manggagawang kontraktwal. Malawakang ilunsad ang mga welga at iba't ibang anyo ng pakikibaka ng mga manggagawa para labanan ang iba't ibang anyo ng papatinding pagsasamantala at pang-aapi sa mga manggagawa.

6. Palakasin ang sama-samang pakikibaka ng masang manggagawa para ibasura ang Herrera Law at iba pang mga batas at kautusang anti-manggagawa. Isigaw ang pagbabasura sa kontraktwalisasyon. Ipaglaban ang pambansang minimum na sahod at igiit ang umento sa sahod. Labanan ang patakaran ng pagluluwas ng mga manggagawa. Itaguyod ang karapatan at kagalingan ng mga migranteng manggagawang Pilipino. Singilin ang obligasyon ng estado na tiyaking lahat ay may trabaho.

7. Pag-alabin ang patriyotismo ng masang manggagawa. Ilantad ang dominasyon ng imperyalismong US sa pulitika, militar at dayuhang patakarang panlabas. Ilantad at labanan ang mga base militar at presensya ng mga sundalong Amerikano sa Pilipinas at igiit ang pagbabasura sa mga tagibang na tratadong militar. Ilantad ang kontrol at pagkasangkapan nito sa AFP sa "counter-insurgency" upang supilin ang mga pwersang anti-imperyalista at gamitin ang mga kagamitang pandigmang angkat mula sa US.

8. Itaas ang kamulatang anti-imperyalista ng masang manggagawa.

Ilantad at batikusin ang dominasyon ng imperyalismo sa ekonomya, sa pamumuhunan at kalakalan, at sa pagpigil nito ng kaunlaran at pagsulong. Ilantad at batikusin ang dominasyon at kontrol ng mga dayuhang malalaking kapitalista sa mga kasangkapan sa produksyon na gamit para kamkamin ang yaman ng bansa at huthutin ang supertubo mula sa lakas-paggawa ng mga manggagawa.

9. Mahigpit na makipagkaisa sa mga pakikibakang magsasaka. Dapat maging bahagi ng araw-araw na kamulatan ng mga unyon at samahang manggagawa ang pagsuporta sa mga pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa at laban sa iba't ibang anyo ng pang-aapi sa masang magsasaka. Pakilusin ang libu-libong manggagawa para magtungo sa kanayunan para tumulong sa mga pakikibakang magsasaka. Dapat tuluy-tuloy na ilantad at labanan ang militarisasyon at digmang mapanupil ng AFP laban sa masang magsasaka.

10. Magrekrut ng libu-libong manggagawa para sumapi sa Bagong Hukbong Bayan, ang pinakakonsentradong anyo ng batayang alyansa ng mga uring manggagawa at magsasaka. Kailangang kailangan ng lumalaki at lumalawak na BHB ang bagong mga kumander at mandirigma mula sa uring manggagawa (at petiburgesyang lungsod) upang mamuno sa papalaking mga tungkulin sa pagsulong ng digmang bayan.

## 2. Manggagawang Pilipino, magkaisa at buklurin ang buong bayan! (2018)

Kasama ng uring manggagawang Pilipino, at ng masang proletaryo sa buong daigdig, ipinagdiriwang ng Partido Komunista ng Pilipinas ang Pandaigdigang Araw ng Paggawa. Bigyang-pugay natin ang mga bayani at martir ng kilusang manggagawa. Gawin nating inspirasyon ang kanilang buhay ng walang pag-iimbot na paglilingkod sa bayan.

Ginugunita natin ang Mayo Uno ngayong taon na malaki ang tungkuling buklurin ang pinakamalawak na bilang ng mga manggagawa para isulong ang mga pakikibakang pangkabuhayan at labanan ang anti-manggagawa at anti-mamamayang pasistang rehimeng US-Duterte.

Dagdag na makabuluhan ang paggunita sa Mayo Uno ngayong taon dahil ipagdiriwang din natin sa ilang araw, Mayo 5, ang ika-200 taon ng araw ng kapanganakan ni Karl Marx, pinakadakilang gurong komunista. Si Marx ang unang nakapaglahad ng ideolohiya ng proletaryo. Sa mahigit nang isa't kalahating siglo, ginabayan ng Marxismo ang mga manggagawa sa kanilang mga pakikibakang pang-ekonomya at pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka para wakasan ang sistema ng pang-aaliping sahuran. Umunlad ang Marxismo sa Marxismo-Leninismo-Maoismo sa tatlong yugtong dinaanan na epikong tunggalian ng kapitalismo at proletaryong rebolusyon.

Balik-tanawin natin ang makasaysayang mga pakikibaka para sa walong-oras na paggawa, makatarungang sahod, karapatan sa pag-uunyon, pagwewelga at iba pang karapatan ng mga manggagawa sa buong mundo. Higit sa lahat, gunitain natin ang ika-100 taong anibersaryo ng tagumpay ng Dakilang Proletaryong Rebolusyong Oktubre sa Russia na nagtatag ng diktadura ng proletaryo at nagbukas ng pitong dekadang matatagumpay na sosyalistang rebolusyon at konstruksyon sa sangkatlo ng buong daigdig. Nagapi ng modernong rebisyunismo ang proletaryo at naipanumbalik ang kapitalismo. Pansamantalang napaatras ang sosyalistang rebolusyon. Ang

pangkasaysayang mga nagawa nito sa pagpawi sa pagsasamantala at mabilis na pag-angat ng antas ng lipunan ay inspirasyon sa mga manggaawa at masang anakpawis para magsikhay sa rebolusyonaryong landas. Ang patuloy na paglubha ng iba't ibang anyo ng kapitalistang pagsasamanta sa ilalim ng mga patakarang neoliberal ay nagpapasidhi ng kanilang pagnanais na iluwal ang panibagong pagdaluyong ng bagong demokratiko at sosyalistang rebolusyon sa buong daigdig.

Sa Pilipinas, pinapasan ng masang manggagawa ang bigat ng palagiang krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema. Mabilis na lumalala ang kanilang kalagayan sa ilalim ng ni Duterte. Pamboboladas ang ipinagmalaki niyang siya'y "sosyalista." Ang totoo, siya'y anti-manggagawa at maka-kapitalista. Pinako ang mababang sahod ng mga manggagawa para akitin ang dayong mamumuhunan. Ang nakatakdang minimum sa NCR (P512 kada araw) ay wala pa sa kalahati ng kailangan (P1,171/araw) para disenteng mabuhay ang laking-anim na pamilya. Lumalala pa ang krisis ng disempleyo matapos mahigit 630,000 trabaho ang minasaker noong nagdaang taon. Araw-araw, libu-libo ang napupwersang mangibang-bayan. Pabor siyang pahabain ang araw ng paggawa sa pamamagitan ng four-day workweek. Binabalewala ang kagalingan at kaligtasan sa pagawaan. Ginagamit ang pulis at mga sundalo upang supilin ang karapatan sa pag-uunyon at pagwelga gamit ang militar at pulis.

Sa ilalim ni Duterte, walang ibang mapagpipilian ang mga manggagawa kundi ang bagtasin ang landas ng militanteng pakikibaka. Itayong muli ang libu-libong unyon. Puspusang isulong ang demokratikong mga pakikibaka. Ibangon at malakihang isulong ang militanteng kilusang manggagawa. Pasiklabin ang mga pakikibakang manggagawa sa libu-libong mga pagawaan at iba pang empresa.

Buuin ang pinakamalapad na pagkakaisa ng masang manggagawang Pilipino laban sa rehimeng US-Duterte para labanan ang anti-manggagawang mga patakaran at programa nito. Kaalinsabay nito, pamunuan ang pagbubuklod sa sambayanang Pilipino para ihiwalay, labanan at ibagsak ang rehimeng Duterte—ang numero unong kaaway ng buong

bayan.

Buuin ang pinakamalapad na pagkakaisa ng masang manggagawa laban sa tiraniya at terorismo ng rehimeng Duterte. Makipagkaisa sa masang magsasaka sa kanayunan, sa kanilang mga pakikibakang antipyudal at sa paglaban nila sa pasistang atake laban sa kanilang mga komunidad. Ilantad sa kalunsuran at mga sentrong bayan ang pambobomba, pananakop, tortyur, pagdakip at pagkulong, pagnanakaw at iba pang pandarahas ng AFP sa ilalim ng Oplan Kapayapaan.

Sumapi sa Partido Komunista ng Pilipinas! Ang partido komunista ang ating partidong pampulitika. Binubuklod ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, ang ideolohiya ng proletaryo. Ito ang konsentrasyon ng makauring interes ng mga manggagawa. Itinuturo nito ang landas ng paglaban upang ibagsak ang paghahari ng mga mapagsamantala at mapang-aping uri at itatag ang kapangyarihang pampulitika ng proletaryo.

Mga manggagawa, magsandata at maging mga Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)! Itinatag ng Partido ang BHB para isulong ang armadong pakikibaka at durugin ang mga armadong galamay ng naghaharing estado. Isinusulong ang matagalang digmang bayan para mag-ipon ng lakas sa kanayunan at palibutan ang kalunsuran hanggang kaya na nitong ibagsak ang mga reaksyunaryo uri at itatag ang demokratikong kapangyarihan ng bayan sa buong bansa.

Limampung taon nang sumusulong ang demokratikong rebolusyong bayan sa Pilipinas. Ang mga pagsulong na ito sa nakaraan ang nagbibigay sa mamamayang Pilipino ng pag-asa na makamit ang ganap na tagumpay sa hinaharap para itatag ang isang malaya at maunlad na kinabukasan.

## 3. Manggagawa, magkaisa at pamunuan ang sambayanang Pilipino sa pakikibaka laban sa pasista, bulok at traydor na rehimeng US-Duterte! (2019)

Ipinaaabot ng Partido ang militanteng pagbati sa lahat ng manggagawang Pilipino at sa malawak na masang anakpawis sa paggunita natin ngayong taon sa Mayo Uno. Sa araw na ito, ipakikita ng mga manggagawa sa Pilipinas at buong mundo ang pagkakaisa at militansya, laluna sa harap ng lumalalang kalagayan ng pang-aapi at pagsasamantala.

Sa araw na ito, nananawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), ang partidong pampulitika ng uring manggagawang Pilipino, sa lahat ng manggagawa at anakpawis sa bansa na lumaban nang mabalasik at isulong ang kanilang interes sa gitna ng hindi mabatang kalagayang sosyo-ekonomiko at sa harap ng tumitinding pampulitikang panunupil at terorismo ng estado ng mga ahente ng kamatayan ng rehimeng Duterte.

Sa mga nagdaang taon sa ilalim ni Duterte, araw-araw na lumalala ang mga problema ng uring manggagawa. Mahigit 11 milyong manggagawang Pilipino ang walang trabaho o kulang ang trabaho, at napakakaunti ng nililikhang trabaho sa gitna ng krisis sa ekonomya. Pinalalabas ni Duterte at kanyang mga teknokrata ang diumano'y kakulangan ng kasanayan ng mga manggagawa para pagtakpan ang masidhing krisis sa disempleyo at bigyang-matwid ang maramihang pagpasok ng mga mababang-sahod na mga manggagawa mula China bilang pagtupad sa kanilang mga lihim na kasunduan sa pautang.

Sinasamantala ng malaking negosyo ang sobrang suplay ng paggawa sa bansa sa pamamagitan ng pagpwersa sa mga manggagawa na tanggapin ang napakababang sahod at mapang-aping kaayusan sa pagtatrabaho. Hindi sapat ang minimum na sahod para tustusan kahit ang pagkain at saligang pangangailangan na tumaas ang presyo dahil sa ipinataw na buwis. Binigbigyang-matwid ng rehimeng Duterte ang mababang sahod

sa pinalalabas na hindi kapani-paniwalanag mababang gastos sa pamumuhay.

Patuloy na inaapi ang mga manggagawa ng kontraktwalisasyon at iba pang anyo ng pleksibleng pag-eempleyo. Mas mababa ang sahod ng mga manggagawang kontraktwal, di sila tumatanggap ng benepisyo at pinipigilang magbuo ng mga unyon para ipagtanggol ang kanilang mga karapatan. Suklam na suklam ang mga manggagawang Pilipino sa huwad na pangako ni Duterte na wakasan ang kontraktwalisasyon.

Matingkad na taliwas sa mababang sahod at kawalang hanapbuhay ng mga manggagawang Pilipino at masang anakpawis, patuloy na nag-iipon ng malaking yaman ang naghaharing malalaking burukratang kapitalista at malaking burgesyang komprador. Habang nagkukumahog na mabuhay ang mga pamilya ng uring manggagawa, milyun-milyong piso ang hindi maipaliwanag na natipon ni Duterte at kanyang pamilya mula 2016. Patuloy na nagkakamal ng bilyun-bilyong pisong tubo ang malalaking negosyo sa mga pampublikong yutilidad, at iba pang empresa, sa pamamagitan ng pagsasamantala sa mga manggagawa.

Ang rehimeng Duterte ang kasalukuyang pinakakonsentradong anyo ng mga problema ng mga manggagawang Pilipino at masang anakpawis. Kontra-manggagawa at kontra-mahirap si Duterte na ipinakikita ng patakaran kontra sa pagbibigay ng makabuluhang umento sa sahod, pagtangging dinggin ang sigaw laban sa kontraktwalisasyon, pagpataw ng mga buwis, at pagtangging kumilos laban sa sumisirit na presyo ng langis at iba pa.

Tumitindi ang pampulitikang paniniil sa mga manggagawa. Dumarami ang aktibistang manggagawa na pinapatay, ikinukulong sa gawa-gawang kaso, tinitiktikan at hinaharas. Ginagamit ang mga pwersang pulis at militar upang marahas na buwagin ang mga welga at pagkilos ng mga manggagawa. Binabansagang "prenteng komunista" ang mga samahang manggagawa upang bigyang-matwid ang mga hakbanging mapanupil laban sa mga ito. Ang mga atakeng ito laban sa mga manggagawa ay kasabay na ginagawa kasabay ng paninibasib sa masang magsasaka sa kanayunan.

Sa harap ng lumalalang kundisyon, natutulak ang mga manggagawang Pilipino na lumaban at isulong ang kanilang mga pakikibaka. Dapat nilang itayo ang mas marami, mas malalaki at mas malalakas na unyon at organisasyon upang katawanin ang interes ng mga manggagawa (kailang ang mga kontraktwal) sa kolektibong pakikipagnegosasyon sa mga kapitalista. Tiyak lalaganap ang mga welga sa harap ng pagmamatigas ng malalaking kapitalistang ipagtanggol ang kanilang makasariling interes.

Dapat walang-pagod at malaganap na isagawa ang pampulitikang edukasyon at propaganda sa pamamagitan ng kanilang mga unyon at ibang anyo ng organisasyon. Dapat pukawin ang mga manggagawa na panghawakan hindi lamang ang interes ng kanilang sektor, kundi ng mas malawak din na interes ng sambayanang Pilipino. Dapat gampanan ng kilusang manggagawa ang papel nito bilang pinakamalaking bahagi at pinakamilitanteng ubod at taliba ng demokratikong kilusang masa sa kalunsuran.

Dapat pumwesto ang mga manggagawang Pilipino sa unahan ng mga pakikibaka laban sa rehimeng US-Duterte. Dapat silang mamuno sa pamamagitan ng pagpapamalas ng militansya, pakikipagkapit-bisig sa iba't ibang sektor, pag-abot sa iba pang lugar ng pagtatrabaho, mga kampus at komunidad, at pagpukaw sa milyun-milyon para manindigan laban kay Duterte at sa kanyang pasista, bulok at traydor na rehimen.

Ang pinakamilitante at pinakamulat-sa-uring manggagawa ay hinihikayat na maging kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas. Sa gabay ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, ang ideolohiya ng proletaryado, ang makauring interes ng mga manggagawa ay konsentrado sa Partido. Isinusulong ng Partido ang demokratikong rebolusyong bayan na naghahangad na ibagsak ang neokolonyal na rehimen ng malalaking burgesyang komprador, malalaking panginoong maylupa at burukratang kapitalista, wakasan ang malakolonyal at malapyudal na sistema, itayo ang demokratikong gubyernong bayan at ilatag ang batayan para sa sosyalistang rebolusyon.

Hinihikayat ng Partido ang mga manggagawa na maging Pulang mandirigma at kumander at tumulong na pamunuan ang Bagong Hukbong

Bayan sa pagsulong ng matagalang digmang bayan. Sa pagkakaroon ng mas maraming manggagawa, lalong napapalakas ang BHB bilang isang hukbong magsasaka at pinakakonsentradong anyo ng alyansa ng mga manggagawa at magsasaka.

## 4. Magpakatatag at pamunuan ang bayan laban sa pasistang iskema ng rehimeng Duterte (2020)

Sa unang Mayo Uno ng bagong dekada, binabati ng Partido Komunista ng Pilipinas at lahat ng rebolusyonaryong pwersa ang uring manggagawa at masang anakpawis sa Pilipinas at sa buong mundo. Bilang partido ng proletaryong Pilipino, ang Partido Komunista ang nangunguna sa pagsusulong ng dalawang-yugtong rebolusyon sa Pilipinas para sa pambansang demokrasya at para sa sosyalismo.

Nakikiisa ang Partido sa mga panawagan ng mga manggagawang Pilipino para sa kagyat at sapat na ayuda para sa milyun-milyong mga Pilipinong labis na nagdurusa sa ilalim ng militaristang at mapaniil na tugon ng rehimeng Duterte sa pandemyang Covid-19. Nakikiisa rin ang Partido sa panawagang kagyat na ipatupad ang kinakailangang mga hakbanging medikal kabilang ang malaganap na testing at isagawa ang mas demokratikong paraan ng pamamalakad sa krisis, sa halip na paraang batas militar.

Ginagamit ng rehimeng Duterte ang kasalukuyang krisis pangkalusugan para iabante ang kanyang iskema para ipataw ang pasistang diktadura. Sa ngalan ng "kaayusan," ginagamit niya ang brutal na pwersa para pasunurin at payukuin ang lahat, patahimikin ang kritisismo at reklamo, at supilin ang lahat ng lumalaban at nagpoprotesta. Sa ngalan ng pag-iwas na kumalat ang Covid-19, nais niyang ipatupad na "bagong normal" ang mga patakarang mapaniil (curfew, checkpoint, presensyang militar, pagbabawal sa pagrarali) at mga neoliberal na hakbanging kontra-mamamayan (pagbuwag sa mga komunidad ng maralitang lungsod, pagpigil sa pagtaas ng sahod, pagbabawal sa mga dyip).

Ginagamit ni Duterte at kanyang mga kroni para pagkakitaan nang malaki ang krisis. Milyun-milyong pisong pondo ng bayan ang kinakamkam ngayon ni Dennis Uy at mga Villar. Ang dalawang barkong "ipinahiram" ni Uy para gamiting "quarantine center" ay inupahan ng gubyerno sa halagang

P35 milyon bawat isa. Walang kahihiyan din na ang kaliwa't kanan mga konstruksyon para sa Covid-19 ang kinontrata ng gubyerno sa pamilyang Villar. Batbat ng korapsyon ang pagbili ng mga kagamitan, pamamahagi ng ayuda atbp.

Kasabay ng paggigiit na ipatupad ang pangkalahatang mga hakbanging pangkalusugan, at pagsingil sa ipinangakong ayuda para sa lahat ng pamilyang naghihirap, dapat itulak ng mga manggagawa ang pagpapatupad ng mga patakaran sa mga pagawaan at lugar ng pagtatrabaho na magtitiyak na ligtas na magkahawaan sa bayrus, kabilang ang pabibigay sa kanila ng mga face mask at iba pang mga kagamitan, lugar para regular na makapaghugas ng kamay, at angkop na distansya sa pagitan ng mga manggagawa. Gayundin, dapat nilang igiit ang panawagan para sa umento sa sahod para makaagapay sa arawang gastos, regular na trabaho at pagwawakas sa kontraktwalisasyon.

Sa ilalim ng mga paghihigpit at paniniil ng rehimeng Duterte, dapat patuloy na magsalita at lakasan ng mga manggagawa ang kanilang boses. Dapat patuloy silang mag-organisa ng kanilang mga unyon at asosasyon para ipagtanggol ang kanilang interes at ang kagalingan ng masang anakpawis. Dapat patuloy nilang isulong ang kanilang mga kahilingan at mga karapatan at tuluy-tuloy na itulak ang karapatan sa demokratikong pagkilos na may pagsasaalang-alang sa kinakailangang distansyang pisikal bilang pag-iwas sa pagkalat ng sakit.

Kasabay nito, dapat patuloy na palakasin ang Partido Komunista sa hanay ng mga manggagawang Pilipino upang magsilbing gulugod at gabay sa kanilang mga pagkilos at paglaban. Itinuturo ng Partido na ang mga demokratikong pakikibaka sa araw-araw ay nakaugnay sa mas malaking pakikibaka para sa rebolusyonaryong pagbabago ng lipunan.

Ang lumulubhang pagsasamantala at pang-aapi sa mga manggagawa ay bunga ng lumalalang krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas na nakaugnay sa nagpapatuloy na krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalismo. Ang bigat ng krisis ng naghaharing sistema ay ipinababalikat sa mga manggagawa at masang anakpawis sa pamamagitan ng

lalong matitinding anyo ng pagsasamantala at pang-aapi, mga pabigat na na buwis at iba pang mga patakaran neoliberal na nagbibigay ng buong laya sa mga monopolyong kapitalista at malalaking burukrata na todong-pigain ang mga manggagawa at mamamayan para kamkamin ang maksimum na tubo.

Bago pa man sumiklab ang krisis bunsod ng pandemyang Covid-19, ang pandaigdigang sistemang kapitalista ay nasa bingit na ng pagsiklab ng isang krisis sa pinansya at ekonomya. Ang ibinubunga nitong di mabatang kalagayang panlipunang ay nagtutulak sa milyun-milyong mga manggagawa at mamamayan na lumaban. Sa nagdaang taon, sumiklab sa iba't ibang bansa ang galit ng mga manggagawa at mamamayan sa malalaking protesta laban sa pagkakaltas ng subsidyo sa mga serbisyong panlipunan, laban sa korapsyon, paniniil sa mga migrante, minorya at kababaihan, at para sa permanenteng trabaho, umento sa sahod, paggalang sa mga karapatan at iba pang mga demokratikong reporma at kahilingan.

Sa nagdaang mga taon, sumisiklab ang mga welga at pakikibakang manggagawa sa Pilipinas para igiit ang umento sa sahod at regularisasyon sa trabaho. Lalo pa ngayong kailangan na palakasin ang mga pakikibakang ito sa harap ng banta ng lalong pang-aapi at pagsasamantala.

Ang lalo pang paglala ng krisis dulot ng pandemyang Covid-19 ay tiyak na militante at matapang na haharapin ng uring manggagawang Pilipino.

Mabuhay ang uring manggagawang Pilipino!

Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!

Mabuhay ang sambayanang Pilipino!

## 5. Palakasin ang kilusang manggagawa at manguna sa pakikibaka para sa demokrasya at kalayaan (2021)

Ang Partido Komunista ng Pilipinas, ang partido ng uring proletaryadong Pilipino, ay mahigpit na sumasaludo sa uring manggagawa sa buong daigdig at sa mga manggagawang Pilipino ngayong Mayo Uno. Ginugunita natin ngayon ang Pandaigdigang Araw ng Paggawa sa gitna ng matinding krisis ng monopolyong kapitalismo sa buong mundo at papasidhing pang-aapi at pagsasamantala sa mga manggagawa at masang anakpawis. Pagtibayin natin ang ating determinasyon na isulong ang pakikibaka para ibagsak ang imperyalismo at isulong ang sosyalistang rebolusyon para pandayin ang bagong lipunan.

Humalaw tayo ng inspirasyon sa dakilang mga tagumpay ng Komuna ng Paris sa ika-150 taon nito, ang unang pagkakataon sa buong daigdig na nagtagumpay ang uring manggagawa sa pagpapabagsak sa reaksyunaryong estado ng burgesya, nagtatag ng pampulitikang kapangyarihan ng uring manggagawa at demokratikong namahala sa kanilang mga sarili. Ang mga aral ng Komuna sa pagsusulong ng sosyalistang rebolusyon at pagtatayo ng bagong lipunan ay tanglaw sa uring manggagawa ng Pilipinas, na simula't sapul ay nasa unahan ng pakikibaka ng sambayanan para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Hinihingi ng kasalukuyang kalagayan na puspusang isulong ng uring manggagawang Pilipino ang pakikibaka ng sambayanan para sa demokrasya at pambansang kalayaan. Dahil sa matinding kahirapan sa kabuhayan at krisis sa pulitika ng naghaharing sistema, lalong nalantad ang bulok na kaibuturan ng sistemang malakolonyal at malapyudal, at nagpatingkad sa pangangailangang isulong ang rebolusyonaryong pagbabago na magwawakas sa kahirapan at pang-aapi sa mamamayan.

Patuloy na nananalanta ang pandemyang Covid-19 at dumarami ang Pilipinong nagkakasakit at napagkakaitan ng angkop na atensyong

medikal dahil sa palpak na tugon ng rehimeng Duterte sa krisis sa pampublikong kalusugan. Winalang-bahala nito ang kapakanan ng mamamayan at pinagdamutan ng badyet ang libreng mass testing at pagpapagamot, sapat na kakayahan sa epektibong contact tracing, pagpapalakas ng mga pampublikong ospital at mga laboratoryo, pananaliksik at iba pang esensyal na pangangailangan sa paglaban sa pandemya. Ang mga manggagawa ang pinakabulnerable sa pandemya, kapwa sa loob ng mga pagawaan at lugar ng trabaho na kulang o walang sapat na kagamitan o sistema para sa ligtas na pagtatrabaho, gayundin sa loob ng nagsisiksikan nilang mga komunidad.

Habang namiminsala ang pandemya at nagtitiis sa wala ang mamamayan ay binubundat naman ni Duterte sa pampublikong pondo ang sariling pamilya at mga alipures. Pinalobo niya ang badyet ng militar at pulis upang bilhin ang katapatan ng mga heneral at matataas na upisyal, at gamitin ang AFP at PNP sa walang-habas na kampanya ng panunupil at pagpapatahimik sa mamamayang humihiyaw sa gitna ng malawakang krisis at kahirapan.

Walang-kaparis na krisis sa ekonomya ang kinasasadlakan ngayon ng bayan. Halos 11 milyon ang walang trabaho at nawalan ng kabuhayan. Lubhang napakababa ng sahod ng mga manggagawa. Makupad at lubhang kulang ang ayudang ipinamamahagi ng estado, laluna sa harap ng nagtataasang presyo ng mga bilihin. Pinabayaan ng rehimeng Duterte na mamulubi't magutom ang taumbayan at tumungo sa mahahabang pila para sa tulong at pagkain. Ang krisis sa ekonomya ay kagagawan ng rehimeng US-Duterte na tumatangging magbigay ng dagdag-sahod, palaasa sa pangungutang, sagadsaring ang korapsyon at paglulustay ng pondo sa pulis at militar. Sa gitna ng pandemya, isinagasa nito ang batas na CREATE na pumabor sa kaltas-buwis sa malalaking negosyo, ibayong niluwagan ang liberalisasyon sa pag-aangat ng karneng bab oy na lalong nagsapeligro sa lokal na agrikultura, at inilabas ang EO 130 na magbibigay-daan sa walang-habas na pandarambong ng mga Chinese at iba pang dayong kumpanya sa rekursong mineral ng bansa.

Papabigat ang dagok nitong krisis sa mga manggagawa. Tumitindi ang

pagsasamantala at pang-aapi sa kanila sa anyo ng pinababang sahod, kontraktwalisasyon at kawalan ng proteksyon sa mga lugar ng trabaho sa gitna ng pandemya. Sumasahol rin ang atake sa organisadong paggawa, kabilang ang pagdistrungka sa pagkakaisa ng mga manggagawa, pagmamanman sa mga unyon sa loob ng mga economic zone, pagpatay sa kanilang mga lider at pananakot sa kanilang mga kasapi.

Bahagi ang mga ito ng walang-tigil na atake ng mga armadong pwersa ng estado sa demoktratikong mga organisasyon ng mamamayan, sa tabing ng "kontra-insurhensya." Habang papalapit na ang upisyal na pagtatapos ng termino ni Duterte, dumarami naman ang bilang ng mga pinapatay, inaaresto at nire-redtag o idinadawit sa armadong kilusan. Hawak ang Anti-Terror Law, nais ng rehimen na patahimikin ang sinumang tumututol sa kanyang pasistang paghahari, at ilatag ang mga kundisyon alinman para magpataw ng pasistang diktadura o kaya'y manipulahin ang eleksyong 2022 upang patagalin sa pwesto ang kanyang angkan at dinastiya.

Labis ang pangamba ni Duterte na singilin siya sa kanyang pagtataksil sa bayan, sa mabilis na pagkapawi sa soberanya ng Pilipinas sa harap ng pagyuko niya sa China at pagpayag na kamkamin ang lumalaking bahagi ng karagatang sakop ng eksklusibong sonang pang-ekonomya ng Pilipinas. Nilukot at isinaisantabi ni Duterte ang desisyon ng International Arbitral Tribunal na kumilala sa mga karapatan ng Pilipinas sa ilalim ng United Nations Convention on the Laws of the Seas (UNCLOS). Kapalit ng mga pangakong pautang ng China at ng pakinabang niya sa pakikipagkunsabahan sa mga sindikato sa droga sa China, pumayag si Duterte na samsamin ng China ang yamang karagatan ng Pilipinas sa labis na kapinsalaan ng mga mangingisda at mamamayang Pilipino.

Dapat tumindig ang manggagawang Pilipino sa unahan ng demokratikong mga pakikibaka ng mamamayan, at magsilbing pinakasolidong bag-as ng kilusang masa para wakasan ang tiranikong paghahari ng pasistang rehimeng US-Duterte.

Dapat patuloy na itayo, palawakin at palakasin ang mga unyon at asosasyon ng mga manggagawa at isulong ang militanteng kilusang mang-

gagawa. Kailangang palakasin ng mga manggagawa ang kanilang mga unyon upang matatag na labanan ang paninibasib ng mga pasistang pulis at sundalo sa kanilang hanay, at upang epektibong isulong ang kagyat na kahingian ng mga manggagawa para sa dagdag sahod at kaseguruhan sa trabaho. May kakagyatan ngayon ang hinihinging P100 pangkagipitang dagdag sahod sa harap ng mabilis na pagbulusok ng halaga ng piso at tumataas na presyo ng mga bayarin. Palagablabin ang apoy ng mga pakikibakang manggagawa sa mga pabrika at buo-buong enklabo sa iba't ibang dako ng bansa.

Kaakibat nito, dapat tuluy-tuloy na pahigpitin ng mga manggagawang Pilipino ang pakikipagkapit-bisig nila sa demokratikong mga sektor kapwa sa kalunsuran at kanayunan. Dapat suportahan ang demokratikong mga kahilingan at mga pakikibaka ng masang Pilipino. Dapat patuloy nilang suportahan ang hinihingi ng mga manggagawang pangkalusugan na dagdag sweldo, hazard pay at mas malaking subsidyo para sa serbisyong pangkalusugan. Dapat ding palakasin ang pagsuporta sa hinihinging lupa ng mga magsasaka, pagpapababa ng upa sa lupa, pagwawakas sa usura at iba pang porma ng pagsasamantala sa kanayunan. Gayundin, ang panawagan ng mga bata at kabataan na ligtas nang magbukas ang mga eskwelahan, itaas ang sahod ng mga guro at dagdagan ng estado ang subsidyo sa edukasyon. Dapat ring malakas na tutulan ng kilusang manggagawa ang walang-lubay na pangungutang ng gubyerno sa mga dayuhan, ang paglaban sa lubhang malaking badyet sa binubundat na militar at pulis.

Dapat patatagin ang determinasyon ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pagtataas ng kanilang maka-uri at pampulitikang kamulatan na ipaglaban ang pambansa at demokratikong mga adhikain ng sambayanang Pilipino. Isagawa ang malawakang kilusang pangkultura at pang-edukasyon para buhayin ang patriyotismo. Isagawa ang mga pag-aaral sa kasaysayan ng Pilipinas at ang nagpapatuloy na pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansang kalayaan mula sa kuko ng imperyalismo at mga galamay nito sa papet na estado. Isagawa ang malawakang pag-aaral sa kalagayan ng lipunang Pilipino at ang pangangailangan para

sa pambansa-demokratikong rebolusyon.

Ibayong palalimin ang pagkakaugat ng Partido Komunista ng Pilipinas sa hanay ng mga manggagawa. Ipagpatuloy ang malawakang pagrerekrut ng mga manggagawa upang magsilbi silang mga proletaryong kadreng nasa unahan at gulugod ng mga makauring pakikibaka ng mga manggagawa. Dapat puspusang magrekrut ng mga aktibista at kadreng manggagawa para sa Bagong Hukbong Bayan upang magsilbing mga Pulang mandirigma at kumander nito.

Ang pagsusulong ng mga manggagawang Pilipino ng mga pakikibakang demokratiko at anti-imperyalista ay bahagi ng bumubulwak na kilusang anti-imperyalista at demokratiko sa buong mundo. Palatandaan ito ng pagkabulok ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ang iniluluwal nitong malalim na krisis sa ekonomya, pasismo, rasismo at iba pang anyo ng pang-aapi at paninibasib sa mga manggagawa at masang anakpawis. Tungkulin ng mga rebolusyonaryong proletaryo na tumindig, magmulat, mamuno at dalhin ang malawakang mga kilusan sa rebolusyonaryong landas ng tunggalian ng mga uri.

Sa buong mundo, napakapaborable ng kalagayan para palakasin ang mga partido komunista at pamunuan ang malawakang mga pakikibaka at dalhin ang pandaigdigang sosyalistang rebolusyon sa bisperas ng panibagong pagdaluyong.

Mabuhay ang mga manggagawa at anakpawis sa buong mundo!

Mabuhay ang masang manggagawang Pilipino!

Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas!

Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan!

# 6. Mensahe sa Mayo Uno sa mga manggagawa at aping bayan sa mundo (2022)

Sa ngalan ng proletaryo at aping mamamayang Pilipino, ipinapahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang pakikiisa sa bilyun-bilyong manggagawa sa buong mundo sa paggunita sa Mayo Uno, ang internasyunal na araw ng uring manggagawa, sa gitna ng nagpapatuloy na krisis ng pandaigdigang krisis ng kapitalismo, lumalalang anyo ng pagsasamantala at lumalakas na paglaban sa imperyalistang pang-aapi sa iba't ibang panig ng mundo.

Balikan natin at halawan ng inspirasyon ang kasaysayan ng pakikibaka ng uring manggagawa, isang relatibong maiksing panahon kumpara sa buong panahon ng itinakbo ng mga maka-uring pakikibaka: mula sa mga pag-aalsa ng uring manggagawa sa Europe noong 1848; sa makasaysayan bagaman panandaliang pagtatayo ng proletaryong diktadura sa Paris Commune noong 1871; sa pag-unlad ng Marxismo bilang sistematikong ideolohiya ng proletaryado; sa matagumpay na rebolusyong Bolshevik sa Russia noong 1917; sa tagumpay ng bagong demokratikong rebolusyon noong 1949 at kasunod na sosyalistang rebolusyon sa China na pinamunuan ng proletaryado; at ang serye ng matatagumpay na kilusan para sa pambansa at panlipunang paglaya sa Latin America at Asia mula Cuba hanggang Vietnam. Alalahanin natin na sa isang maiksing panahon noong unang bahagi ng dekada 1950, sangkatlo ng sangkatauhan ay nakalaya mula sa saklot ng monopolyong kapitalismo at nakinabang sa progresibo at demokratikong kaayusan sa ilalim ng sosyalismo.

Kasabay nito, humalaw tayo ng mga aral mula sa pag-atras at pagkatalo bunga ng pagtatraydor sa uring manggagawa na humantong sa pagkalusaw ng Ikalawang Internasyunal; ng paglitaw ng modernong rebisyunismo at pagkatalo ng mga proletaryong diktadura na naghawan ng daan para sa panunumbalik ng kapitalismo at pagsasamantala sa mga manggagawa at masang anakpawis sa Soviet Union, China at iba pang bansa.

Tanawin natin sa susunod na taon ang pagdiriwang sa ika-150 anibersaryo ng Communist Manifesto ni Karl Marx na unang inilimbag noong Pebrero 1848. Sa halos isang siglo't kalahati, ang Communist Manifesto ang nagsilbing tanglaw ng uring manggagawa sa buong mundo, na nagdeklara ng pangkasaysayang misyon ng proletaryado na wakasan ang pagsasamantalang kapitalista sa pamamagitan ng pagwawakas sa pribadong pag-aari sa mga kagamitan sa produksyon, itayo ang sosyalismo sa isang panahon ng pagrerebolusyon, at kamtin ang komunismo. Ang paglilimbag ng Communist Manifesto ay malinaw na paghati ng kasaysayan mula sa ispontanyong paglaban ng mga manggagawa tungo sa mulat at organisadong pagkilos ng uring manggagawa para hawakan ang kasaysayan at itayo ang bagong kaayusang panlipunan.

Ginugunita ngayong taon ng mga manggagawa sa buong mundo ang Mayo Uno na may malinaw na pagsusuri sa matalim at matagalang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at kung paano ito lumilikha ng kundisyon para pamunuan ng proletaryado ang lahat ng api at pinagsasamantalahang mga uri sa landas ng pambansa-demokratiko at sosyalistang rebolusyon. Nananatili tayo sa panahon ng imperyalismo at proletaryong rebolusyon, tulad ng isinaad ni Lenin. Sa kabila ng mga kabiguan at pag-atras ng mga rebolusyonaryong pwersa sa mundo, ang sitwasyon ay kinatatampukan pa rin ng estratehikong paghina ng mga imperyalistang kapangyarihan dahil sa mga kontradiksyong likas sa sistemang kapitalista na nagpapaigting sa kompetisyong kapitalista, nagpapalala sa krisis ng sobrang produksyon, nagpapasadsad sa tantos ng tubo, nagpapalala sa pagsasamantala sa mga manggagawa at pandarambong sa rekurso, at nagpapaigting ng inter-imperyalistang kompetisyon na humahantong sa mga gera at panibagong hatian sa mundo.

Ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ay kinatatampukan ng mayor na mga kontradiksyon sa pagitan ng burgesya at uring manggagawa sa mga kapitalistang bansa; sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at aping bayan at bansa; sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at bansa na naggigiit ng kanilang pambansang soberanya

at nagtataguyod ng hangaring sosyalista; at sa pagitan ng isang kapangyarihan o blokeng imperyalista laban sa iba pa.

Sa nagdaang tatlong dekada, nagdusa ang mga manggagawa sa ilalim ng iba't ibang anyo ng "flexible labor" para paigtingin ang paggawa sa pamamagitan ng paglapat ng mataas na teknolohiya (mga robot, pagkompyuter, artificial intelligence at iba pa) at pahabain ang oras ng paggawa upang hilahin pababa ang sahod at gastos sa produksyon at sagarin ang pagkamkam ng labis na halaga. Walang-habas na inatake ng burgesya ang mga unyon at organisasyon ng mga manggagawa upang pigilan silang iggiit ang kanilang mga karapatan at makipagtawaran para sa karagdagang sahod at mas mahusay na kundisyon sa paggawa. Kinaltasan nito ang badyet para sa mga serbisyong panlipunan na nagresulta sa papalubhang kundisyon sa buhay ng milyun-milyong manggagawa.

Ipinataw ng mga imperyalistang bansa ang mga patakarang neoliberal sa kanyang mga malakolonya at atrasadong bansa upang paigtingin ang pagsasamantala sa murang paggawa, itambak ang sobrang kalakal, at dambungin at kamkamin ang mga likas na kayamanan na nagresulta sa paglubha ng krisis sa ekonomya at kalagayang sosyo-ekonomiko ng bilyun-bilyong manggagawa at masang anakpawis. Isinadlak ang mga aping bayan sa atrasadong kalagayang pang-ekonomya, pinagdusa sa malawakang disempleyo, at nilulunod sa dagat ng dayuhang pautang. Kapwa sa mga atrasadong bansa at sentro ng kapitalismo, nagdusa ang mga manggagawa at anakpawis sa nakalulumpong epekto ng pandemyang Covid-19 dahil sa malubhang kalagayan ng pampublikong serbisyong pangkalusugan.

Sa pangunguna ng US, pinatindi ng mga imperyalista ang agresyon nito laban sa mga bansang nagtataguyod sa kanilang pambansang kasarinlan. Sa nagdaang mga dekada, isa-isang sinibasib ng US ang mga bansang ito kabilang ang Iraq, Libya, Syria at Afghanistan, nanghimasok at nang-upat ng kaguluhan sa Venezuela and ibang bansa, at ginipit ang ekonomya ng China, Iran at North Korea.

Ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at bloke sa usapin ng saklaw ng impluwensya at kontrol ay sumiklab

sa magkakasunod na proxy war, ang pinakahuli sa Ukraine. Sa mahigit 30 taon, itinulak ng US ang pagpapalawak ng NATO para saklawin ang mga bansang dating kabilang sa Warsaw Pact sa Eastern at Central Europe sa pamamagitan ng diplomasya at gera, taliwas sa 1991 Minsk agreement at mga katiyakang ibinigay noon sa Soviet Union bago nito binuwag ang sarili noong 1991.

Tahasang aktong panggegera ang pagtulak na isama ang Ukraine sa NATO at ang sinuportahan ng US na pagkubkob at panganganyon ng Ukraine laban sa rehiyong Donbass na may populasyong nagsasalita ng Russian. Inupat nito ang kontra-agresyon ng Russia na may deklaradong layuning wakasan ang Zionistang rehimen sa Ukraine at ang pasistang nasyunalistang pwersa na nakasanib sa armadong pwersa ng Ukraine. Pinalalawig ngayon ng US ang gera upang pahinain ang Russia at sagarin ang tubong para sa industriyang militar ng US. Nagbigay ito ng dagdag na $3.5 bilyong ayudang militar para suplayan ang Ukraine ng artillery at iba pang sandata, at kamakailan ay pinagtibay ang panibagong $33 bilyong ayudang pangmilitar at pang-ekonomya. Pinalalim ng proxy war sa Ukraine ang pagkakahati ng mga imperyalistang bloke, ang US at NATO sa isang panig, at ang Russia at China sa kabilang panig. Sa harap ng nagtatagal na krisis ng kapitalismo at tumitinding kompetisyong inter-imperyalista, malaki ang posibilidad na sumiklab ang mga gerang limitado at malawid sa iba pang panig ng mundo sa mga darating na taon.

Dapat samantalahin ng proletaryado at mga aping bayan ang inter-imperyalistang gera para isulong ang pakikibaka para sa sosyalismo at para sa pambansa at panlipunang paglaya, sa pamamagitan ng pagsulong ng armadong rebolusyon at gera sibil laban sa naghaharing reaksyunaryong estado sa iba't ibang bansa. Sa lahat ng pagkakataon, dapat palakasin ng mga proletaryong rebolusyonaryo ang kanyang kakayahan sa pampulitikang pamumuno sa pamamagitan ng pagtatatag at pagpapalakas ng kanilang mga partido komunista, sa pag-aaral at paglalapat ng Marxismo-Leninismo sa kani-kanilang bansa, at pagpapalalim ng ugnayan sa lahat ng positibong uri, pamumuno sa kanila sa mga demokratikong pakikibakang masa at pag-

tuturo ng landas ng armadong rebolusyon para agawin ang kapangyarihang pampulitika. Sa partikular, dapat walang pagod ang mga komunista sa pagtungo sa mga manggagawa, paglunsad ng edukasyong pampulitika, at sa pagtayo o muling pagtayo at pagpapalakas ng mga unyon, at pagtatag ng mga sangay ng Partido sa lahat ng pagawaan.

Ginugunita natin ngayong araw ang Mayo Uno na nasa bisperas ng panibagong pagdaluyong ng mga pambansa-demokratiko at sosyalistang rebolusyong pinamumunuan ng proletaryado. Sa buong mundo, maramihang nagbabangon ang masang api at pinagsasamantalahan, may ispontanyo at may mulat sa paglaban para sa kanilang makauring interes. May malakas na tulak na itatag ang mga unyon at magbuklod. Naglulunsad ang mga manggagawa at mamamayan ng mga welga at iba pang aksyong masa sa buong mundo upang ipaglaban ang karagdagang sahod at mas mahusay na kundisyon sa paggawa.

Ang mga pwersang komunista ay nagsisikap na itayo ang kanilang mga partido komunista bilang taliba ng uring manggagawa, mag-aral ng kasaysayan at bumuo ng malinaw na programang rebolusyonaryo. Nagpupunyagi at patuloy na lumalakas ang mga digmang bayan ng mga partido komunista sa India, Turkey, Pilipinas at iba pang bansa sa kabila ng todong kontra-rebolusyon. Sa gitna ng krisis ng kapitalismo, at sa pangunguna ng proletaryado, ang mga ningas ng armadong rebolusyon ay tiyak na kakalat at lilikha ng dakilang apoy sa buong mundo.